

PANG-UKOL SA FILIPINO¹

ni Jonathan C. Malicsi

PANIMULA

Ang pangngalan sa Filipino ay maaaring gamitin bilang panaguri (*kandidato siya*) o kasama ng *may* sa panaguri (*may iPad ang titser*) nang walang pananda o marker. Pero kapag ginamit na ang pangngalan bilang simuno o alinmang *complement* o *modifier*, kinakailangang pangunahan ito ng pananda na maaaring *focus*, *agent* o *patient marker*, o pang-ukol, hal.:

lumuwas *ang* mga katutubo sa Maynila

focus-agent pang-ukol

ipinagluto *ng* estudyante *ang* titser *ng* pansit *bilang* pasasalamat

agent focus-goal patient pang-ukol

Madalas na sa lamang o mga pariralang nagtatapos sa sa ang finutukoy na pang-ukol, pero kung titingnan ang mga salita o pariralang nangunguna sa pangngalan, makikitang maraming anyo at kahulugan ang mga ito.

Ang pang-ukol ay morpema na nangunguna sa pariralang pangngalan (kasama ang panghalip) upang makabuo ng pariralang pang-ukol na nagsisilbing complement o modifier. Mga halimbawa nito ang mga salitang *ng* at sa sa linyang *alab ng puso sa dibdib mo'y buhay*. Pinalalawak nito ang kahulugan ng isang pangungusap sa pagsasaad ng lokasyon, direksyon, panahon, tagapakinabang, dahilan, tinutukoy, paraan (o instrumento), proseso, atbp.

Maaaring makilala ang pagkakaiba ng pariralang pang-ukol sa Filipino sa agent at patient na complement sa dalawang paraan. Ang isa ay ang kaibahan ng mga marker. Habang ang di-naka-focus na agent at patient na complement ay minamarkahan ng katagang *ng* (maliban sa percept na complement o layon ng ilang pandiwang pandama, hal. *nakinig siya sa sermon*), ang mga pariralang pang-ukol ay minamarkahan ng *sa*, mag-isa tulad ng sa pinakasimpleng anyo ng lokasyon na complement, o kasama ng iba pang mga pang-ukol na kataga, tulad ng sa tagapakinabang na complement:

kumanta ang binata	<i>ng</i>	kundiman sa hardin	<i>para sa</i>	dalaga
		patient		lokasyon tagapakinabang
kinanta <i>ng</i> binata		ang kundiman sa hardin	<i>para sa</i>	dalaga
	agent			lokasyon tagapakinabang

o pandiwang ugat, tulad ng isang anyo ng pang-abay na pamanahon:

umpisa sa Lunes, wala na tayong flag-raising ceremony sa kolehiyo

Mayroon din namang pang-ukol na *ng*; halimbawa ay ang nagmamarka ng mga pariralang nagsasaad ng pagmamay-ari. Maaari itong iugnay sa agent na complement, at tatalakayin ang pananaw na ito sa huling bahagi ng papel, sa dahilang mas nakararami ang mga pariralang pang-ukol na minamarkahan ng *sa*.

Isang komplikasyon ay ang posibleng kategorisasyon ng *bilang*, *parang*, *mukhang* at *tila* bilang pang-ukol, sa dahilang naikakabit sila sa mga pangngalan nang walang namamagitang sa o *ng*. Hiwalay na tatalakayin ito.

Lahat ng pariralang pang-ukol ay lumalabas na panaguri (tinawag na *panaguring pariralang preposisyonal* sa Quetua 75) nang walang pagbabago sa anyo, maliban sa lokasyon, at maaari ding maliban sa pariralang tumutukoy sa paraan o *means*, at pariralang tumutukoy sa relasyon o pagmamay-ari, na ginagamitan ng *ng*.

Kapag ginamit na panaguri ang lokasyon ay dinadagdagan ito ng morpemang *na* para bumuo ng anyong *nasa*.

ipinatong ng bata ang libro sa mesa	(complement)
nakapatong sa mesa ang libro	(pang-abay)
<i>nasa mesa</i> ang libro (na ipinatong ng bata)	(panaguri)

(Kahit maaaring ikatwiran na ang morpemang *na* ay isang pandiwang nagsasaad ng lokasyon, at sa gayon ang panaguring lokasyon ay panaguring pandiwa, ang kaisipang ito ay papasok lang sa mga argumento tungkol sa kategorisasyon ng mga pandiwa, at hindi kaugnay sa pag-aaral ng mga relasyong pang-ukol.)

Upang maseguro ang lawak ng pag-aaral ng mga pang-ukol, pinagsama dito ang dalawang metodo: (1) ang panibagong pagsusuri ng lahat ng mga halimbawang pangungusap na inilahad sa mga nalimbag na grammar ng Filipino, at ang pagdaragdag ng mga anyo na hindi naisama sa mga ito; at (2) ang paghahambing ng mga pang-ukol sa Ingles na may katumbas sa Filipino. Ang ikalawang metodo ay bahagi ng pagsubok na dalhin ang pagsusuring gramatikal sa antas na nakakapagpaliwanag sa pagsasalin (o, sa sikolohiya ng wika, na nakakapagpaliwanag sa kung ano ang prosesong nagaganap sa isip ng isang multilinggwal). Sa paghahambing ng mga wika, karaniwan nang ginagamit ang Ingles bilang "*glossing language*", o wikang pinagkukunan ng mga salita para mailahad ang kahulugan ng mga di-Ingles na salitang sinusuri. Sa pag-aaral na ito, sinubukang lagyan ng katumbas sa Filipino ang mga terminong ginagamit sa gramatika at semantika, ngunit may ilang hindi mahanapan ng katumbas.

May ilang problema na kailangang lutasin. Isa ay ang depinisyon. Ilan sa mga depinisyon ng pang-ukol ay ang mga sumusunod:

“bahagi ng pananalita na nag-uugnay ng pangngalan o panghalip sa ibang salita sa pangungusap. Ito ay nagpapahayag ng kinauukulan ng isang kilos o gawa o kaya ay pinangyarihan ng isang gawa rin o kilos.” (Diaz 147)

“Ito ang salitang ginagamit upang matukoy ang paksa o pinagbatayan ng impormasyon.” (Quetua 71)

Nililimitahan ng mga depinisyon na ito ang mga pang-ukol sa ilang kahulugan – *beneficiary*, o *purpose*, *location*, at *reference* – samantalang mayroon pang maaaring tuklasin. Sa katunayan, limitadong pagsusuri ang lumalabas sa mga gramar ng Tagalog o Filipino. Halimbawa:

“There are only a few Tagalog prepositions. They are *tungkol sa* (with things), *tungkol kay* (with particular persons), *hinggil sa* (with things), *hinggil kay* (with particular persons), *sa* (depending on the verb with which it goes, this preposition may mean on, in, from, with, to.)” (Alejandro 8)

Isa pang problema ay ang pagkakakilanlan ng mga pang-ukol. May kumikilala sa *na may* at *na walang* bilang mga pang-ukol, ngunit ang mga ito ay maaaring ipaliwanag bilang mga anyo na resulta ng prosesong pagkabit ng isang pangungusap bilang pantulong na sugnay, na isang uri ng *embedding*:

Ang aking kapatid ay umalis *na may* sama ng loob.

ang aking kapatid ay umalis + may sama siya ng loob =>

ang aking kapatid ay umalis na may sama siya ng loob =>

ang aking kapatid ay umalis na may sama ng loob

Ayaw kong matulog *na walang* kulambo.

ayaw kong matulog + wala akong kulambo =>

ayaw kong matulog na wala akong kulambo =>

ayaw kong matulog na walang kulambo

Ilan pang halimbawa ng *na walang* na makikita ngayon bilang mga kaso ng *embedding* ay:
Siya ay lumakad *na walang* anumang sapin sa paa. (Diaz)

Hindi isinama ang mga batang *walang* baon. (Diaz)

Isang liham *na walang* lagda ang pumipigil sa taong iyan. (Diaz)

Ang pagsasalin sa Ingles at muling pagsasalin sa Filipino ay nagbibigay ng malawak na impormasyon, sa dahilang ang Ingles ay may hindi bababa sa 151 na pang-ukol na maaaring igrupo sa walong *semantic fields* – 41 sa lokasyon, 22 sa direksyon, 12 sa panahon, 3 sa proseso, 1 sa pagmamay-ari, 2 sa pagtaya o pagtantiya, 1 sa atribusyon, at 66 sa relasyon. Ngunit mayroon ding ilang problema sa metodong ito.

Una, ang pang-ukol sa Ingles ay hindi palagiang naisasalin sa katumbas na pang-ukol sa Filipino. Halimbawa, ang pang-ukol na *above* sa kahulugang 'humihigit sa isang panukat', gaya ng:

a laptop easily costs *above* P50,000 (tungkol sa halaga)

marathons are rarely *above* 26 km. (tungkol sa hangganan)

an opera singer's voice can be heard *above* a full orchestra (tungkol sa tunog)

moral law is *above* civil law (tungkol sa pagpapahalaga)

ay maisasalin sa Filipino gamit ang kaukulang pang-uri na sinusundan ng sa:

nagkakahalaga ang isang laptop nang *higit* sa P50,000

bhirang *lampas* sa 26 na kilometro ang mga marathon

maririnig ang boses ng opera singer na *mas malakas* sa tunog ng buong orchestra

mas mataas sa civil law ang moral law

Ilan pang mga halimbawa ang mga pang-ukol sa Ingles na nagsasaad ng dami o quantity, na ang mga salin sa Filipino ay hindi maaaring ituring na pang-ukol:

this investment pays interest *at* two percent

≡ nagbabayad ang investment na ito ng interes *na* dalawang porsiyento

he got the company *for* a million dollars

≡ nakuha niya ang kompanya *sa* halagang isang milyong dolyares

he has a start *of* ten meters.

≡ una siya ng sampung metro

Ikalawang problema sa metodong ito ay ang pangangailangang makita ang pagkakaiba ng pang-ukol at kataga, o *particle*. Bahagyang masalimuot ito dahil lahat ng kataga sa Ingles ay katulad ng mga pang-ukol, at maaaring hango sa pang-ukol:

the book is *on* the table (pang-ukol)

the ambassador called *on* the president (kataga, bahagi ng phrasal verb na *call on*)

Sa mga kontemporaneong teoryang linggwistik, ang mga pang-ukol ay "*contentive*" o may sariling kahulugan, tulad ng mga pangngalan, pandiwa, at pang-uri, habang ang mga kataga ay "*functor*" o kinakailangan lamang para mabuo ang pariralang gramatikal, tulad ng panghalip, pandiwang pantulong (sa Ingles), at pantukoy. Sa ibang terminolohiya, maaaring isama ang pang-ukol sa mga "*lexical category*" at ang kataga sa "*functional category*". Samantalang ang mga pang-ukol ay may sariling kahulugan at maaaring ilagay sa negatibo, ang mga kataga ay walang sariling kahulugan. Sumasama sila sa ibang kategorya para makabuo ng *lexeme* na parirala. Halimbawa, may mga pariralang pandiwa at pariralang pang-uri sa Ingles na gumagamit ng mga kataga (at hindi pang-ukol):

come across [= makatagpo] vs. come by [= makakuha] vs. come to [= mahimasmasan; makarating (sa isang lugar)] vs. come out [= lumabas (mula sa pinagtataguan)]
susceptible of [= maaaring mabigyan ng (interpretasyon)] vs. susceptible to [= maaaring mahawa sa sakit; maaaring maniwala sa papuri or paglalangis]

May mga pang-ukol din sa Ingles na idyomatika ang pagsama sa mga pangngalan, tulad ng mga pang-ukol na panlunan at pamanahon:

on a day; *in* a week, month, year, decade, century, millennium

in a car; *on* a bus, train, ship, plane

Dahil dito, napakarami ng semantic field na "relasyon" sa Ingles. Sa katunayan, ang field na ito ay tambakan ng mga pang-ukol na hindi malinaw na kasama sa iba pang semantic field. Kinakailangan pang pinuhin ang pagsusuri dito.

MGA NATUKLASAN

Para matiyak na masaklaw ang pag-aaral ng mga pang-ukol sa Filipino, lahat ng mga halimbawa na nasa mga libro ng gramar ng Filipino ay ginamit bilang data set, at sinuring muli na kasama ang iba pang datos.

Basic form:

Karamihan ng konstruksiyong pang-ukol ay base sa pormang *sa* + NP, na nabubuo sa mga sumusunod na paraan. Ang mga terminong daglat, hal. NP, ay ipinapaliwanag sa prosesong pagdedetalye ng mga kinakatawan nito, na hanggang sa huli ay maipakita ang morpema o salitang tinutukoy:

01 Ang *sa* ay sinusundan ng kategoryang NP.

$sa + NP$

02 Ang kategoryang NP ay binubuo ng opsyonal na {pl} (plural) at kategoryang N. Pang-isa ang interpretasyon kapag walang {pl}.

$NP \rightarrow (pl) + N$

03 Ang kategoryang N ay maaaring maging NS (pangngalan) o pron (panghalip).

$N \rightarrow \left\{ \begin{array}{l} NS \\ \text{pron} \end{array} \right\}$

04 Ang kategoryang NS ay maaaring maging N-com (pangngalang pambalana) o N-pers (pangngalang pantanging personal). Ang mga pangngalang pantanging di-personal, tulad ng pangalan ng isang institusyon, ay kasama sa {N-com}.

$NS \rightarrow \left\{ \begin{array}{l} \text{N-com} \\ \text{N-pers} \end{array} \right\}$

05 Mga halimbawa ng N-com:

N-com → *bukid, klase, UP...*

06 Mga halimbawa ng N-pers:

N-pers → *Maria, Jose ...*

07 Ang kategoryang pron ay maaaring maging pron-pers (panghalip panao) o pron-dem (panghalip pamatlig).

pron → $\left\{ \begin{array}{l} \text{pron-pers} \\ \text{pron-dem} \end{array} \right\}$

08 Mga morpema ng kategoryang pron-pers (mga panauhan, na maaaring pang-isa kung walang {pl}, o pangmaramihan kung may {pl}):

pron-pers → 1st, dual, 2nd, 3rd

09 Mga morpema ng kategoryang pron-dem (mga indikasyon ng lapit o layo sa nagsasalita at kinakausap, o sa paksang pinag-uusapan)

pron-dem → d1, d2, d3

Ang mga kombinasyon o morphosyntax ng mga morpema at kategoryang tinuran sa itaas ay nakalahad sa mga sumusunod:

01 Ang *sa* ay lumalabas na *sa* kapag sinusundan ng pangngalang pambalana, at nagiging *kay* naman kapag sinusundan ng pangngalang pantanging personal:

$sa + \begin{bmatrix} \text{N-com} \\ \text{N-pers} \end{bmatrix} \Rightarrow \begin{bmatrix} sa \\ kay \end{bmatrix} + \begin{bmatrix} \text{N-com} \\ \text{N-pers} \end{bmatrix}$

02 Ang *pl* na lumalabas sa pagitan ng *sa* at ng pangngalang pambalana ay nagiging *mga*, ngunit ang *pl* na lumalabas sa pagitan ng *sa* at pangngalang pantanging personal ay

sumasanib sa *sa*, at ang dalawang morpemang ito ay nagiging *kila* o *kina*:

$$sa + pl + \begin{bmatrix} \text{N-com} \\ \text{N-pers} \end{bmatrix} \Rightarrow \begin{bmatrix} sa + mga \\ kila / kina \end{bmatrix} + \begin{bmatrix} \text{N-com} \\ \text{N-pers} \end{bmatrix}$$

03 Ang mga panghalip panao na pinangungunahan ng *sa* ay lumalabas sa maaaring tawaging “pormang *sa*” (hal., *akin*) na kaiba sa “pormang *ang*” (hal., *ako*) at “pormang *ng*” (hal., *ko*):

sa + 1st => *sa* + *akin*

sa + dual => *sa* + *atin*(g *dalawa*)

sa + 2nd => *sa* + *iyong*

sa + 3rd => *sa* + *kanya*

sa + pl + 1st => *sa* + *amin*

sa + pl + dual => *sa* + *atin*

sa + pl + 2nd => *sa* + *inyong*

sa + pl + 3rd => *sa* + *kanila*

04 Ang mga panghalip pamatlig na pinangungunahan ng *sa* ay lumalabas sa “pormang *sa*” (hal., *dito*) na kaiba sa “pormang *ang*” (hal., *ito*) at “pormang *ng*” (hal., *nito*):

sa + d1 => *dito/rito*

sa + d2 => *diyan/riyan*

sa + d3 => *doon/roon*

sa + pl + d1 => *sa mga ito*

sa + pl + d2 => *sa mga iyan*

sa + pl + d3 => *sa mga iyon*

Apat na sa:

Ang estrukturang *sa* + NP ay *ambiguous*, o maraming kahulugan at gamit, na maaaring pagpangkatin sa apat na uri. Para mas maliwanag ang paglalahad, lalagyan ng *supernumeral*

ang mga *sa*.

sa^1 = kaugnayan o pagmamay-ari (pertinence o possession) na kataga, pang-panaguri lamang

(sa) akin ito, sa kapitbahay iyan

Ang katagang ito ay maaaring alisin kung ang kasunod na N ay panghalip panao.

sa^2 = perceptee complement marker ng mga pandiwang pandama

tumingin siya sa akin

sa^3 = lokasyon/direksyon na complement marker

nagtrabaho siya sa bahay

nagdala siya nito sa akin

sa^4 = pang-ugnay na kataga, na sumasama sa iba pang morpema para bumuo ng tambalang pang-ukol

kumilos siya (nang) alinsunod sa batas

Sa pang-ukol na *ng* o nagtatapos sa *ng*, ganito naman ang kombinasyon o morphosyntax.

01 Ang *ng* ay lumalabas na *ng* kapag sinusundan ng pangngalang pambalana, at nagiging *ni* naman kapag sinusundan ng pangngalang pantanging personal:

$$ng + \begin{bmatrix} \text{N-com} \\ \text{N-pers} \end{bmatrix} \Rightarrow \begin{bmatrix} ng \\ ni \end{bmatrix} + \begin{bmatrix} \text{N-com} \\ \text{N-pers} \end{bmatrix}$$

02 Ang *pl* na lumalabas sa pagitan ng *ng* at ng pangngalang pambalana ay nagiging *mga*, ngunit ang *pl* na lumalabas sa pagitan ng *ng* at pangngalang pantanging personal ay sumasanib sa *ng*, at ang dalawang morpheme na ito ay nagiging *nila* o *nina*:

$$ng + pl + \begin{bmatrix} \text{N-com} \\ \text{N-pers} \end{bmatrix} \Rightarrow \begin{bmatrix} ng + mga \\ nila / nina \end{bmatrix} + \begin{bmatrix} \text{N-com} \\ \text{N-pers} \end{bmatrix}$$

03 Ang mga panghalip panao na pinangungunahan ng *ng* ay lumalabas sa maaaring tawaging "pormang *ng*" (hal., *ko*):

ng + 1st => *ko*
sa + dual => *natin*(*g dalawa*)
sa + 2nd => *mo*
sa + 3rd => *niya*
sa + pl + 1st => *namin*
sa + pl + dual => *natin*
sa + pl + 2nd => *ninyo*
sa + pl + 3rd => *nila*

04 Ang mga panghalip pamatlig na pinangungunahan ng *ng* ay lumalabas sa “pormang *ng*”:

ng + d1 => *nito*
ng + d2 => *niyan*
ng + d3 => *niyon/noon*
ng + pl + d1 => *ng mga ito*
ng + pl + d2 => *ng mga iyan*
ng + pl + d3 => *ng mga iyon*

PANAGURI

Lahat ng pariralang pang-ukol, maliban sa pariralang minamarkahan ng nag-iisang salitang *ng*, ay nagagamit na panaguri. Sa parteng ito, tatalakayin ang pariralang minamarkahan ng *sa* dahil sa particular na pagsasaad nito ng kaugnayan o pagmamay-ari.

Pertinence/Possession o Kaugnayan/Pagmamay-ari na Panaguri: *sa*¹

Kaugnay na pananong: *kanino*

Ang estrukturang *sa* + NP, kapag ginamit na panaguri, ay nagsasaad ng kaugnayan o pertinence, ngunit madalas na bigyan ng interpretasyon na pagmamay-ari o possession. Halimbawa, ang pangungusap na:

sa mga katutubo ang lupaing ito
ay hindi tuwirang katumbas ng pangungusap na:
pag-aari ng mga katutubo ang lupaing ito
ayon sa depinisyon ng pagmamay-ari (possession o ownership). Kung gayon, ang literal na salin sa Ingles ng unang pangungusap ay *this land pertains to the natives*, katuturang base sa mga kaugnay na ideyang tulad ng
matagal nang nakatira ang mga katutubo sa lupaing ito
ginagamit ng mga katutubo ang lupaing ito

Mahalaga ang pagtuon sa kahulugang pertinence o kaugnayan dahil madalas na nagkakaroon ng di-pagkakaunawaan sa paggamit ng panaguring sa + NP. Halimbawa, madalas na nagagamit ng mga credit investigator ang mga pangungusap na tulad ng sa *kanila ang apartment* (sabi ng kapitbahay) bilang patunay na *may apartment sila o pag-aari nila ang apartment*, kahit ang katunayan ay *nakatira sila sa apartment na iyon*, o *sila ang nangungupahan sa apartment na iyon*.

Kapag ginagamit ang sa + NP kasama ng isa pang NP, nagiging panuring ito sa NP, gaya ng:
propesor sa linggwistiks si Tuting
kandidato sa konggreso ang ninong ko

Maaaring ilipat ang pariralang sa sa lugar na kasunod ng simuno:
propesor si Tuting sa linggwistiks
propesor siya sa linggwistiks
kandidato ang ninong ko sa konggreso
kandidato ito sa konggreso

Maaari ding ilipat ang pariralang sa sa unahan ng panaguri, na kapag ang simuno ay panghalip, inilalagay ang panghalip sa pangalawang puwang o slot:
sa linggwistiks propesor si Tuting
sa linggwistiks siya propesor
sa kongreso kandidato ang ninong ko
sa kongreso ito kandidato

Pansinin na ang pariralang sa na nagsasaad ng kaugnayan ay iba't iba ang salin na pang-ukol sa Ingles ayon sa idyoma ng N:

propesor sa matematika \equiv professor **of** mathematics

instruktor sa kasaysayan \equiv instructor **in** history

awtoridad sa martial arts \equiv authority **on** the martial arts

eksperto sa taekwondo \equiv expert **in** taekwondo

kandidato sa senado \equiv candidate **for** the senate

MGA COMPLEMENT

Ang mga complement ay pariralang pang-ukol na maaaring gawing simuno sa prosesong paglalagay ng focus na morpema. Ang kakayahang maglagay ng focus sa isang parirala ay nasa pandiwa, kung kayat may pandiwa na nakaka-focus sa isang parirala na di naman ma-focus ng iba.

natalo ang team dahil sa kakulangan ng ensayo => ikinatalo ng team ang kakulangan ng ensayo

napansin ang team dahil sa kakulangan ng ensayo => ?

(1) Location o Panlunan na Complement: $sa^3 + (N\text{-loc} + ng)$

Kaugnay na pananong: *saan, pasaan* (para sa complement), *nasaan, nakanino* (para sa panaguri)

Ang estrukturang *sa + NP* ay ginagamit din sa pangungusap na verbal (pangungusap na pandiwa ang panaguri) bilang panlunan na complement, na nagsasaad ng lugar o direksyon ng kilos ayon sa kahulugan ng pandiwang ugat. Kadalasan itong tinatawag na "pang-abay na **panlunan**" (Quetua 65) at sinasabing isa sa mga napakakaunting pormang pang-ukol sa Filipino. Kahit na ang salin nito sa ibang wikang banyaga ay pang-abay, nagagamit ito bilang simuno ng maraming pandiwa, tulad ng pagiging simuno ng agent at patient na complement. Sa pagsusuring ito, itinuturing na complement ang alinmang parirala na maaaring i-focus at magsilbing simuno.

Mga halimbawa²:

nagpunta siya *doon*
Kumakain siya *sa eskwelahan*. (Quetua 65)
Dyanitor siya *sa aming eskwelahan*. (Quetua 65)
 <=*dyanitor siya sa eskwelahan namin*
Dyanitor siya *roon*. (Quetua 65)
Nag-aaral kami *sa silid-aralan*. (Aspillera)
Aawit siya *sa aming palatuntunan*. (Aspillera)
Nakatira ako *sa Taft Avenue*. (Aspillera)
Aawit siya *sa radyo*. (Aspillera)
Nililinis niya ang mga bintana *sa paaralan*. (Aspillera)
Nahulog siya *sa hagdanan*. (Mercado 161)
Namumuhay ang mga tao *sa siyudad*. (Mercado 157)
Nagkagulo *sa palengke kangina*. (Diaz)
Matagal nang naninirahan *sa Amerika* si Raul. (Diaz)
nagkainan sila *kina Ben*
mawawalan ng tubig *sa kanila*

Para sa pagsasaad ng mas partikular na lugar, naglalagay ang panlunang complement ng N-loc + *ng* sa pagitan ng *sa* at NP. Ang mga halimbawa ng N-loc ay:

N-loc → *loob, labas, kabila, itaas, ibaba, ibabaw, ilalim, tabi, harap/harapan, likod/likuran, pagitan, gilid, gitna, paligid, banda*

Mga halimbawa:

Inilagay niya ang pagkain *sa loob ng kahon*. (Mercado)
Nakaparada ang kotse *sa labas ng bahay*. (Mercado)
Ang ina ay pumasok *sa loob ng bahay*. (Aspillera)
Kami ay kumain *sa labas ng bahay*. (Aspillera)
Sila ay nakatira *sa harap ng aming paaralan*. (Aspillera)
Lumakad *sa likuran ng "jeep"* ang tao. (Aspillera)

Umupo ka sa *tabi ko*. (Aspillera)

Sa pagdaragdag ng N-loc + *ng*, ang *sa* ay nagiging marker ng N-loc, na tinuturing ng sumusunod na pariralang *ng*. Kapag ang NP ng panlunan na complement ay alam na, o klaro sa konteksto, maaari na itong alisin:

sa itaas ng N => sa itaas

sa gitna ng N => sa gitna

Mga halimbawa:

Umakyat siya sa *itaas*. (Mercado)

Nanaog siya sa *ibaba*. (Mercado)

Umakyat siya sa *itaas*. (Aspillera)

Ang bata ay umupo sa *gitna*. (Aspillera)

Nagpunta sa *ibaba* ang lalaki. (Aspillera)

Pansinin na kapag ang N-loc ay nagagamit ding pangngalang pambalana, maaaring magkaroon ng ambiguous o dalawahang interpretasyon.

may gagamba sa *likod ng dalaga* = gumagapang ang gagamba sa mismong likod ng dalaga, o gumagapang ang gagamba sa sapot na nakabitin sa sanga sa bandang likuran ng dalaga

may gagamba sa *likuran ng dalaga* = wala sa likod ng dalaga ang gagamba

Dahil dito, may mga nagtuturo ng Filipino na nagsasabing di dapat gamitin ang *likod* at *harap* bilang N-loc sa pariralang pang-ukol.

Para magsaad ng di-tiyak na lugar, ang mga morpema na *may* o *bandang* ay maaaring ilagay kasunod ng *sa*:

sa + may + N (Hindi ito nagagamit sa mga panghalip.)

Siya ay nakatira sa *may Dewey Blvd.* (Aspillera)

sa + banda + sa + pron-dem (Hindi ito nagagamit sa N at panghalip panao.)

magtatayo ng perya sa *banda rito / riyon / roon*

sa + may / bandang + N-loc + ng + NP

tumubo ang cactis sa may kaliwa ng gate
nag-excursion sila sa *bandang dulo ng Ilocos*

Ang tinatawag na “directional” complement ay pareho ng porma sa lokasyon, at itinuturing sa pag-aaral na ito bilang isa sa mga kahulugan ng panlunan, batay sa pagiging deictic ng pandiwa (pandiwang nagsasaad ng kilos patungo sa isang lugar).

Pupunta kami sa *Tagaytay* bukas. (Aspillera) = to
Ibibigay ko ito sa *kanya*. (Aspillera) = to
Galing kami sa *Baguio*. (Aspillera) = from
Tumalon ang aso sa *ilog*. (Aspillera) = into
Itinapon ko ang basura sa *lata*. (Aspillera) = into
Nagdaan siya sa *bintana*. (Aspillera) = through

Nagagamit din ang pang-ukol na *ng* para sa direksyonal na complement.
pabalik sila *ng* Pilipinas nang mahulihan ng droga

Mahabang talakayan ang paggamit ng *ng* at *sa* sa direksyonal na complement. Sa panimulang pag-aaral ay maaaring masabi na nagagamit ang *ng* o *sa* nang walang kaibahan sa kahulugan kapag ang pangngalan ay pantangi:

pupunta kami *ng/sa* SM para maghanap ng libro

Kapag ang pangngalan ay pambalana, maituturing na tiyak ang kahulugan ng *sa*, at di-tiyak ang kahulugan ng *ng*:

umakyat sila *sa* bundok (tinutukoy ang bundok na alam na *ng* kausap)
umakyat sila *ng* bundok (hindi tinutukoy kung aling bundok)

Mas malinaw ang categoryang direksyonal sa mga pang-ukol ng Ingles dahil sa kahulugan ng mga dalawampung pang-ukol na tuwirang nagsasaad ng direksyon, hal., *from*, *into*, *through*, *to*, *towards*.

May mga pandiwa na kayang mag-focus sa panlunan na complement.

Naglababa ako sa *batya* <=> Pinaglabhan ko ang *batya*. (Quetua 61)

Naglalaro sila sa *kuwarto* ko <=> Pinaglalaruan nila ang *kuwarto* ko. (Quetua 61)

Magluluto ako *dito/doon* <=> Paglulutuan ko *ito/iyon*. (Quetua 61)

Pumasyal ka kay *Ana* sa opisina <=> Pasyalan mo si *Ana* sa opisina. (Quetua 61)

Pumunta kami *doon* <=> Pinuntahan namin *iyon*. (Quetua 61)

Tumabi siya sa *bata* <=> Tinabihan niya ang *bata*. (Quetua 61)

Magbigay ka sa *kanya* nito <=> Bigyan mo siya nito. (Quetua 61)

Ang mga panlaping ginagamit sa pandiwa ay ipinapakita ang pagkakaiba ng kahulugang lokasyon at direksyon, kung kayat napapalinaw ang gamit ng panlunang complement na higit sa isa ang interpretasyon (Schachter at Otones 450).

sumulat siya sa *mesa* => pinagsulatan niya ang *mesa* (lokasyon)

sinulatan niya ang *mesa* (direksyon)

May estrukturang *sa* + NP na hango sa sugnay na *na nasa* + NP. Ito ang tinatawag na *locative adjective phrase* o panlunang pang-uring parirala.

mabait ang *bata* sa *iskwela* (kaugnay sa tanong kung saan nagiging mabait ang *bata*)

mabait ang *bata* (na na)sa *iskwela* (kaugnay sa tanong kung nasaan ang *bata*)

Ipinapakita ng huling halimbawa ang pormang panaguri ng location complement, na gumagamit ng *nasa* sa halip na *sa*, at sa gayon ay naiiba sa pertinence/possessive phrase, o kaugnayan/pagmamay-arang pariralala, gaya ng mga halimbawa:

Ang mga magsasaka ay *nasa bukid* na lahat kahapon. (Diaz)

Nasa harap ng klase ang *mesa*. (Quetua)

Nasa loob ng sobra ang perang padala niya. (Diaz)

Tayo ay *nasa pag-itan ng langit at lupa*. (Aspillera)

palaging *nasa may kanto* ang pulis kapag rush hour

Ang kaibahan ng kaugnayan sa lokasyon na panaguri ay madaling makita sa mga sumusunod:

sa iyo ang ulam, sa akin ang kanin
nasa iyo ang ulam, nasa akin ang kanin

Isang halimbawa ng kaibahang ito ay ang kasabihang::

sa Diyos ang awa, sa tao ang gawa

na madalas nasasabing:

nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa

ngunit hindi naman magkatumbas ang kanilang kahulugan.

Nakakagulo rin sa kaibahang ito ang pagtanggap ng morpemang *na*. Maaaring itinuturing itong mali ng mga guro at editor, ngunit madalas itong mangyari sa pag-uusap.

sa amin gagawin ang handaan <=> gagawin ang handaan sa amin =>

sa amin ang handaan

nasa gitna ng bundok ang ginto =>

sa gitna ng bundok ang ginto

Nagkakaroon din ng kahirapan sa pagsasalin ng panlunang parirala sa Ingles, lalo na kapag mga idyoma ang kailangang gamitin. Ilang halimbawa:

magkaklase kami *sa labas ng kampus* ≡ we will hold a class **off** campus

nasa kampus ang karnabal ≡ the carnival is **on** campus

bawal gumamit ng cell phone *sa eroplano*, ngunit hindi *sa jeep* ≡ it is forbidden to use cell phones **on** a plane, but not **in** a jeep

nasa bahay siya ≡ she is **at** home

dinala siya *sa ospital* ≡ she was taken **to** hospital

nalaglag ang bata *sa balon* ≡ the child fell **into** the well

(2) Means o Paraan na Complement: *sa*⁴ + *pamamagitan* + *ng*

Kaugnay na pananong: *paano, sa pamamagitan nino/ ng ano*

Ang means o paraan na complement (tinatawag din na "instrumental") ay isa sa tatlong

tambalang pang-ukol gamit ang estrukturang *sa*⁴ + *pamamagitan* + *ng* + NP, na ang kahulugan ay batay sa NP.

Nagtagumpay siya sa *pamamagitan ng masikap na paggawa*. (Schachter at Otones)
inaliw niya ang mga panauhin sa *pamamagitan ng musika*

Sa pagsusuring ito, ginagamit ang terminong tambalang pang-ukol (o phrasal preposition) sa pang-ukol na higit sa isa ang elemento sa unahan ng NP, at ang terminong pariralang pang-ukol (o prepositional phrase) sa kabuuang estruktura kasama ang NP. Sa pangalawang halimbawa sa itaas, ang *sa pamamagitan ng* ang tambalang pang-ukol, at *sa pamamagitan ng musika* ang pariralang pang-ukol.

May mga pandiwa na nakaka-focus sa paraan na complement.

Namili siya ng mga regalo sa *pamamagitan ng unang suweldo niya* <=> Ipinambili niya ng mga regalo ang unang suweldo niya. (Quetua 61)

Nagpunas si Rod ng/sa silya sa *pamamagitan ng kanyang panyo* <=> Ipinamunas ni Rod ng/sa silya ang kanyang panyo. (Quetua 61)

Magsulat ka sa *pamamagitan nito/niyan* <=> Ipinsulat mo ito/iyan. (Quetua 61)

Kapag malinaw sa kahulugan ng NP na ang pariralang pang-ukol ay tumutukoy sa paraan o means, ang mga salitang *pamamagitan ng* ay maaaring tanggalin:

Nakapag-aral siya sa (*pamamagitan ng*) *tulong ng pamilya niya*. (Schachter at Otones)
lumalakad ang gorilya sa (*pamamagitan ng*) *kamay at paa*
nabubuhay siya sa (*pamamagitan ng*) *prutas at gulay lamang*

Tulad ng ibang pariralang pang-ukol, maaaring gamiting panaguri ang means complement:
ang lahat ng tagumpay ko ay sa *pamamagitan ng sipag at tiyaga*

Maaaring ito ay sa pang-ibabaw na estruktura (o surface structure) lamang, na resulta ng pagtanggal ng tunay na panaguring pandiwa:

nakamit ko ang lahat ng tagumpay ko sa *pamamagitan ng sipag at tiyaga* =>
ang lahat ng tagumpay ko ay (nakamit ko) sa *pamamagitan ng sipag at tiyaga*

Ang ganitong pananaw ay dahil sa tila asiwang paglagay ng paraang complement sa unahan ng pangungusap:

¿sa pamamagitan ng sipag at tiyaga ang lahat ng tagumpay ko

¿sa pamamagitan nito ang bagay na iyan

(3) Beneficiary o Tagapakinabang na Complement: *para/ alang-alang sa,*
Kaugnay na pananong: *para saan/kanino*

Itong tinatawag na *benepaktibo* (Quetua 66) ay nagsasaad ng kahulugang “on someone's behalf” (Schachter at Otones) o para sa pakinabang ng isang tao. Katulad ito ng *for* complement sa ditransitive verb – pandiwang may direct at indirect object – sa Ingles, at itong complement na ito ang nagiging indirect object.

nagluto ako ng keyk *para sa kanya* ≡ I baked a cake for him => I baked him a cake

ipinagluto ko siya ng keyk ≡ he was the one I baked a cake for[□]

Ang tambalang pang-ukol ay nilagyan ng subnumeral “1” dahil ang katulad na estruktura ay ginagamit din bilang marker ng pang-abay na panglayong pang-abay, o purpose adverb, na finatalakay sa susunod na bahagi.

Ilang halimbawa bilang panaguri:

Para sa iyo ito. (Quetua)

Ang bestidong ito ay *para sa kanya*. (Aspillera)

Ang mga kasangkapan ay *para sa* bagong bahay nila. (Diaz)

Ilang halimbawa bilang complement:

Ginawa niya ang trabaho *para sa iyo*. (Quetua; Schachter at Otones)

Bibilhin mo ba iyon *para sa akin*? (Schachter at Otones)

Ito ay binili ko *para sa iyo*. (Diaz)

Kapag malinaw sa konteksto ang kahulugang beneficiary, maaaring tanggalin ang *para*.

Nagbigay ako ng salu-salo [*para*] sa *aking kaibigan*. (Aspillera)
 May mga pandiwa na nakaka-focus sa beneficiary complement.
 Sumulat ka ng liham *para sa akin* => Isulat mo ako ng liham (Schachter at Otones)
 Nagluto siya ng adobo *para sa mga bisita* => Ipinagluto niya ng adobo ang mga bisita
 (Schachter at Otones)
 Kumuha ako ng malamig na tubig *para kay Nene* <=> Ikinuha ko si Nene ng malamig na
 tubig. (Quetua)
 Magluluto siya ng karekare *para sa mga panauhin* <=> Ipagluluto niya ng karekare ang
 mga panauhin. (Quetua)
 Bumili ka ng mga gulay sa Baguio *para sa akin* <=> Ipamili mo ako ng mga gulay sa Baguio.
 (Quetua)
 Maglaba ka nga *para sa akin* <=> Ipaglaba mo nga ako. (Quetua)

(4) Cause o Dahilan na Complement: (*nang*) + *dahil+ sa; bunsod + ng*
 Kaugnay na pananong: *bakit*

Tinatawag din itong kawsatibo, “pariralang sa na pinangungunahan ng *dahil*” (Quetua 66). Sa malikhaing pagsusulat ay ginagamit din ang *sanhi sa* (Schachter at Otones 454).

Bilang panaguri, ginagamit din ang *dahil + sa* at *bunsod + ng*:
 ang maraming krimen ay *dahil sa ipinagbabawal na gamot*
bunsod ng kahirapan ang karaniwang dahilan ng mga magnanakaw

Bilang complement, maaari itong pangunahan ng *nang* na katulad ng *nang* na nag-uugnay ng pang-abay sa pandiwa.

Pinili siya *dahil sa kakayahan niya*. (Quetua; Schachter at Otones)
 Nagkahiwalay sila *dahil sa kaniyang paglalasing*. (Schachter at Otones)
Dahil sa iyo nais kong mabuhay.
Dahil sa isang bulaklak sumilang ang pag-ibig.
 Aming ligaya na pag may mang-aapi ang mamatay *nang dahil sa iyo*.
 nagwala ang senadora *bunsod ng* pagtatakip ng tenga ng isang abugado

Ang pangngalang hinango sa pandiwa gamit ang *ká* + redup (may diin ang pantig na *ká*) ay nagagamit ding causative. Ang paghangong ito ay ginagamit lang sa kahulugang kawsatibo, kung kayat maaaring tanggalin ang *dahil*.

Napagod siya (*dahil*) sa *kalalakad* (Schachter at Otones)

Nagkasakit siya (*dahil*) sa *kabililad* sa araw (Schachter at Otones)

May ilang pandiwa na nakaka-focus sa causative complement.

Namatay siya (*dahil*) sa *gutom* => Ikinamatay niya ang *gutom* (Schachter at Otones)

Nainis siya *dahil doon* => Ikinainis niya iyon (Schachter at Otones)

Nalungkot kami (*dahil*) sa *pag-alis niya* => Ikinalungkot namin ang *pag-alis niya*. (Quetua)

Matutuwa ako (*dahil*) sa *pagbabago mo* => Ikatutuwa ko ang *pagbabago mo*. (Quetua)

Nalulugod ako (*dahil*) *doon* => Ikinalulugod ko iyon. (Quetua)

MGA PANG-ABAY

Ang estrukturang *sa + N + ng*, na inihayag sa itaas sa tambalang pang-ukol na *sa pamamagitan ng*, ay nagagamit sa dalawang pang-abay. Kaiba ito sa mga complement sa dahilang hindi ito napo-focus or nagagamit na simuno.

(1) Contrast na Pang-abay: *sa + kabila + ng*

Kaugnay na pananong: *sa kabila ng ano*

Nagsasaad ang pang-abay na ito ng sitwasyon na dapat sana ay nakahadlang sa pagpapatupad ng sinasabi ng pangungusap, ngunit hindi nga nakahadlang.

Namumuhay ang mga tao sa siyudad sa *kabila ng kahirapan*. (Mercado 157)

nagtagumpay siya sa *kabila ng kanyang sakit*

nagtagumpay siya sa *kabila nito*

ang tagumpay niya ay sa *kabila ng kanyang sakit*

Ang contrast na pang-abay ay hindi nagagamitan ng pangngalang pantanging personal o ng panghalip panao. Dahil dito, hindi tuwirang naisasalin sa Filipino ang mga pariralang Ingles na *in spite of him, despite himself* o *despite John*.

*nabigo ako sa kabila niya/ ni Juan

nabigo ako sa kabila ng pagtulong niya/ ni Pedro

(2) Stead na Pang-abay: sa + halip/ lugar + ng

Kaugnay na pananong: sa halip/ ng ano/ nino

Sinasabing nagsasaad ang pang-abay na ito ng pagpapalit o paghalili.

¿Maglilinis ako sa halip/lugar ni Tita. (Schachter at Otones)

Gayunman, tila asiwa ang pariralang sa halip ng N na inilahad sa Schachter at Otones, lalo na kapag ang N ay pangngalang pantanging personal. Maaaring sinaunang estruktura ito na napalitan na ng mas popular na sa lugar ng N, na gumagamit ng salitang hiram sa Kastila na lugar. Sa kabilang banda, ang pariralang pang-angkop na sa halip na ay regular na ginagamit.

maglilinis ako sa halip/lugar na (maglilinis) si Tita

Kahit may mga pariralang pang-ukol tulad ng sa gitna ng N, sa pamamagitan ng N, sa kabila ng N, at sa lugar ng N, hindi nangangahulugang ang mga katulad na estrukturang sa + N + ng + N ay mga pariralang pang-ukol din. Ilang mga halimbawa sa Schachter at Otones na inilahad bilang mga uri ng pang-abay ay maaaring ipaliwanag bilang embedded (nominalized, o ginawang pangngalan) na mga pandiwang pangungusap:

Namatay sila sa pagtatanggol sa bayan. (Schachter at Otones)

matrix: namatay sila (dahil) sa N [dahilan na complement]

insert: nagtatanggol sila sa bayan => ang pagtatanggol nila sa bayan

resulta: namatay sila (dahil) sa pagtatanggol nila sa bayan

Iniwang ang bata sa pag-iingat ng kaniyang tita. (Schachter at Otones)

matrix: iniwan ng N ang bata sa N [panlunan na complement]

insert: nag-iingat sa bata ang kaniyang tita => ang pag-iingat sa bata ng kaniyang tita
 resulta: iniwan (ng N) ang bata sa pag-iingat (sa kanya) ng kaniyang tita
 Magtulungan tayo sa *pagtataguyod ng kandidato natin*. (Schachter at Otones)
 matrix: magtulungan tayo sa N [patient na complement (minamarkahan ng sa)]
 insert: nagtataguyod tayo ng kandidato natin => ang pagtataguyod natin ng kandidato natin
 resulta: magtulungan tayo sa pagtataguyod (natin) ng kandidato natin – Pansinin ang dalawang paggamit ng *natin* ay magkaiba ang tungkulin. Ang una ay ang di-nakafocus na agent; ang pangalawa ay nagsasaad ng pagmamay-ari.
 Inilagay niya ang kalakal sa *pamamahala ng kapatid niya*. (Schachter at Otones)
 matrix: inilagay niya ang kalakal sa N [panlunan na complement]
 insert: namamahala ang kapatid niya => ang pamamahala ng kapatid niya
 resulta: inilagay niya ang kalakal sa pamamahala ng kapatid niya

Dalawang halimbawa sa Quetua ay nananatiling mahigit sa isa ang kahulugan:

Naimpok ang pananalapi sa *pag-iingat* ng kapisanan. (Quetua)

Maari itong nagsasaad ng dahilan o paraan:

Naimpok ang pananalapi *dahil sa pag-iingat* ng kapisanan.

Naimpok ang pananalapi sa *pamamagitan ng pag-iingat* ng kapisanan.

Nagsarili na siya ukol [?] sa *payo* ng mga kaanak. (Quetua)

Maaari itong ituring na accordance na pang-abay (tinatalakay sa ibaba):

Nagsarili na siya *ayon sa payo* ng mga kaanak.

Ang susunod na grupo ng mga pang-abay ay nagsisimula sa estrukturang *prep-part + sa⁴*, i.e., isang katagang pang-ukol (prepositional particle) na sinusundan ng katagang pang-ugnay (relation particle).

(3) Extent o Hangganan na Pang-abay: *hanggang + sa⁴*

Kaugnay na pananong: *hanggang saan/kanino*

Nagsasaad ang estrukturang ito ng hangganan sa lugar o panahon ng simuno o pandiwang

panaguri.

Halimbawa ng extent na pang-abay bilang panaguri:

hanggang sa paanan ng bundok ang lupaing minana ng pamilya ko

Maaaring tanggalin ang katagang sa⁴:

hanggang (sa) SM lang ang ruta ng dyip na ito

Halimbawa bilang panuring ng pandiwa:

finingnan niya ako mula ulo hanggang paa

susundan kita hanggang sa dulo ng daigdig

kayo ay magmamahalan hanggang kamatayan

Babanggitin na rin dito na ang salitang *hanggang* ay nagagamit bilang pangatnig, at sa gayon ay sinusundan ng isang pangungusap. Ang buong sugnay ay nagsisilbing pantulong sa katuwang na sugnay. Kadalasan itong napagkakamalang katulad ng pangatnig na *hangga't*, ngunit maaaring isalarawan ang kaibahan ng dalawa, hal.:

hanggang may hininga, iibigin ko siya

hangga't may hininga, iibigin ko siya

Isinasaad ng pangungusap na may *hanggang* na ang pag-ibig ng nagsasalita ay aabot sa dulo ng panahon na may hininga pa siya. Isinasaad naman ng pangungusap na may *hangga't* na ang pag-ibig ng nagsasalita ay buháy habang nabubuhay siya.

(4) Purpose o Layon na Pang-abay: *para/alang-alang + sa⁴*

Kaugnay na pananong: *para/alang-alang saan/kanino*

Ang “purpose adverb” ay tinuran sa Schachter at Otones (454) na gumagamit ng tambalang pang-ukol na *para sa* na nauna nang tinuran bilang ginagamit sa pagbuo ng beneficiary o tagaokinabang na complement. Dahil maaaring itatag ang kaibahan ng kanilang kahulugan, lalo na kapag isinalin, itinuturing ng pagsusuring ito na may dalawang gamit na pang-ukol ang *para sa* – benefactive (tungkol sa tagapakinabang) at purposive (tungkol sa layon).

Ilang halimbawa bilang panaguri:

para sa aking kinabukasan ang lahat ng pagpapakasakit na ito
alang-alang daw sa bayan ang mga ginawang kudeta nila Honasan

Ilang halimbawa bilang panuring ng pandiwa:

Kunin mo ang perang ito *para sa pag-aaral mo*. (Schachter at Otones)
Bumili siya ng walis *para sa paglilinis niya* ng bahay. (Schachter at Otones)
Bumalik siya sa opisina *para sa sulat*. (Schachter at Otones)
Pumunta sila sa bayan *para sa pista*. (Schachter at Otones)
Bumili ako ng karne *para sa sopas*. (Schachter at Otones)

Ang katagang pang-ukol na *alang-alang* ay mas tuwirang nagsasaad ng layon, at ginagamit kapag ang N ay tungkol sa mahalaga o abstract na kahulugan. Nahahalinhan din ito ng *para sa*.

Nagpakasakit siya *alang-alang sa kaniyang pamilya*. (Schachter at Otones)
nagpakasakit siya *para sa kaniyang pamilya*

Dahil nagsasaad ang *alang-alang* ng matayog na layon, hindi ito ginagamit sa mga pangkaraniwang N.

ang sakripisyong ito ay *para sa bayan*
ang sakripisyong ito ay *alang-alang sa bayan*
para sa spaghetti ang tomato sauce
**alang-alang sa spaghetti* ang tomato sauce

Binabanggit sa Schachter at Otones (454) na ang tagapakinabang at layon na pang-abay ay magkaminsang nagiging pariralang pang-uri, ngunit ang kalituhang ito ay dahil sa pagtanggap ng katagang *na*:

Iniinit ng Nanay ang pagkain *para kay Nene* = for Nene's benefit (Schachter at Otones)
Iniinit ng Nanay ang pagkain (*na*) *para kay Nene* = which was for Nene (Schachter at Otones)

Bumili ako ng alak *para sa pagluluto* = in order to cook (Schachter at Otones)

Bumili ako ng alak (*na*) *para sa pagluluto* = which was for cooking (Schachter at Otones)

(5) Exception na Pang-abay: *bukod/(ma)liban/(ma)tangi + sa⁴*

Kaugnay na pananong: *bukod/(ma)liban/(ma)tangi saan/kanino*

Nagsasaad ang estrukturang ito ng bagay na *bukod* pa sa ipinapahayag ng simuno kung ito ay nagsisilbing panaguri, o ng sinusundang contentive (maaaring pangngalan, pang-uri o pandiwa) kung nagsisilbi ito bilang panuring.

bukod pa sa *ekonomiya* ang inaasikaso ng presidente

Tumanggap siya ng medalya, *bukod sa mga aklat*. (Schachter at Otones)

Narito na ang lahat *(ma)liban/(ma)tangi kay Jose*. (Schachter at Otones)

(6) Reference na Pang-abay: *tungkol/hinggil/ukol + sa⁴*

Kaugnay na pananong: *tungkol/hinggil/ukol saan/kanino*

Tinatawag din na *pangkaukulan* (Quetua 66), sinasaad nito ang tinutukoy ng simuno, at nagagamit lang bilang panaguri.

Tungkol sa computer ang libro. (Quetua)

Tungkol sa wika ang kanilang tatalakayin sa klase. (Quetua)

Ang dapat nating gawin ay *tungkol* sa ikauunlad ng ating wika. (Diaz)

Hinggil sa suliranin sa polusyon ang talumpati ng Pangulo. (Quetua)

Ukol kay Mapangahas ang kuwento. (Quetua)

Ang lahat ng binabalak namin ay *tungkol* sa ikabubuti ng pamahalaan. (Diaz)

Ang isipin natin ay *ukol* sa ating hinaharap. (Diaz)

Ang binabasa niya ay *ukol* sa himagsikan. (Diaz)

May estruktura ito na hango sa panaguri, sa paraang relatibisasyon at embedding, tulad ng paghango ng pang-uri na *attributive*. Ito ang dahilan kung bakit napapangunahan ito ng isang pampangalang marker, na sa katunayan ay marker ng patient na complement – ang orihinal na simuno.

Nagkuwento siya *hinggil sa giyera*. (Quetua)

<= nagkuwento siya ng *hinggil sa giyera* <= nagkuwento siya ng N na *hinggil sa giyera* <=
hinggil sa giyera ang N

=> ikinuwento niya ang (N na) *hinggil sa giyera*

Nagsinungaling siya (ng) *tungkol sa mga gawain niya*. (Quetua, Schachter at Otones)

Nagbalita siya (ng) *ukol sa politika*. (Quetua)

Nag-usap kami *tungkol sa handaan*. (Schachter at Otones 454)

Wala akong masabi *tungkol sa bagay na iyon*. (Diaz)

Huwag kang mag-alaala *tungkol sa akin*. (Diaz)

Wala na akong pakialam *ukol sa suliranin mo*. (Diaz)

Kapag tila naka-focus ang pandiwa sa *reference phrase*, naka-focus talaga sila sa orihinal na N na tinuturing ng *reference complement*.

Nagkwento siya *tungkol sa giyera* (Schachter at Otones) =>

ikinuwento niya ang (N na) *tungkol sa giyera*

Nagtanong ako sa kaniya *tungkol sa Amerika* (Schachter at Otones) =>

itinanong ko sa kaniya ang (N na) *tungkol sa Amerika*

Pinag-usapan namin ang (N na) *hinggil sa suliranin ng bigas*. (Diaz)

Inilista rin ni Diaz ang *bagay* bilang katagang pang-ukol, ngunit ang lahat ng halimbawang ibinigay ay limitado sa gamit na pang-uri.

Wala akong masasabi *bagay sa mga kapintasan ni Ramon*. (Diaz)

Wala siyang sinabi *bagay sa iyo*. (Diaz)

Sa katunayan, ang *bagay + sa* sa panaguri ay V + *sa* (o pandiwa na sinusundan ng *sa*), na tinatalakay sa bahaging *tungkol sa source* na pang-abay.

(7) Cause o Dahilan na Pang-abay: *salamat + sa*⁴

Kaugnay na pananong: *salamat sa ano/kanino*

Iisa pang ekspresyon ng cause o dahilan ang tambalang pang-ukol na *salamat sa*, na ang resultang pariralang pang-ukol ay nagagamit lamang bilang pang-abay, di tulad ng *dahil sa* complement na maaaring maging simuno at panaguri. Dahil na rin sa kahulugan ng *salamat*, ang pariralang *salamat sa* ay nagagamit lang sa kahulugang positibo. Wala rin itong pormang negatibo, kung kayat para sa negatibong ekspresyon, kailangang gamitin ang *dahil sa*.

salamat sa mga sakripisyo ng kanilang mga magulang, nakapagtapos sila ng pag-aaral
nakapagtapos sila ng pag-aaral, salamat sa mga sakripisyo ng kanilang mga magulang
Nagiba ang tore, salamat sa lindol

nagiba ang tore dahil sa lindol

*nanalo siya sa beauty contest hindi salamat sa kanyang kagandahan, kundi salamat sa
pagiging smart

nanalo siya sa beauty contest hindi dahil sa kanyang kagandahan, kundi dahil sa pagiging
smart

(8) Source/ Origin o Pinagmulan na Pang-abay: *buhat/galing/mula + sa*⁴

Kaugnay na pananong: *buhat/galing/mula saan*

Nagsasaad ang pang-abay na ito ng pinanggalingan o pinagmulan ng NP.

buhat sa Ilocos ang karamihan ng Pilipino sa Hawaii
kahit *galing sa wala*, napakayaman na niya ngayon
ang aawitin ko ay *mula sa puso*

Buhat sa Tagaytay, kami ay nagbus. (Aspillera)

Maglakad tayo *buhat dito*. (Schachter at Otones)

Sinasabi ni Aspillera na ang *galing sa* ay hindi maaaring intindihin bilang “katutubo ng” (o “a native of”), di tulad ng *mula sa* at *buhat sa*.

ang mga kandidato sa Miss Bataan ay dapat talagang *mula/buhat sa* Bataan

Kahit na ang estrukturang ito, kapag ginamit na panaguri, ay itinuturing sa mga libro sa grammar ng Tagalog o Filipino bilang pariralang panaguri, maaaring ituring ito bilang pandiwang

panaguri, kung saan ang pandiwa ay tinanggalan ng panlaping nagsasaad ng progresibo o perfektibong aspekto. Kung gayon, ang estrukturang ito ay V + sa.

Mula sa Maynila ang aking sapatos. (Aspillera)

<= nagmula sa Maynila ang aking sapatos

manggagaling ang mga bata sa eskwela *=> galing ang mga bata sa eskwela

nanggaling sila sa mall => galing sila sa mall

Ang pang-ibabaw na estruktura ay:

$$\left[\begin{array}{l} buhat \\ galing \\ mula \end{array} \right] + sa + (N\text{-loc} + ng) + (pl) + N$$

Halimbawa:

Galing sa Baguio ang mga bagong kasal. (Aspillera)

Siya ay mula sa aming nayon. (Aspillera)

Ang aking ina ay buhat sa Maynila. (Aspillera)

Pansinin na ang payak na kahulugan ay katumbas ng kaugnay na pandiwang panaguri na nasa aspektong perfektibo:

nanggaling sa Baguio ang mga bagong kasal

siya ay nagmula sa aming nayon

ang aking ina ay nagbuhat sa Maynila

Nakalista dito ang estrukturang *buhat/galing/mula + sa* bilang pariralang pang-ukol dahil lang sa kahulugan nito na malapit sa mga kahulugang pang-ukol.

Sa mas komprehensibong pananaw, makikitang ito ay ellipsis ng isang buong verbal na pangungusap (pandiwa ang panaguri), na ang aspekto ay perfektibo, o, sa ilang pagkakataon, maaaring progresibo rin, ngunit hindi kontemplatibo:

nagbuhat sa Baguio ang mga gulay => buhat sa Baguio ang mga gulay

nanggaling/nanggagaling sa factory ang pollution => galing sa factory ang pollution

nagmula sa Mexico ang soap operang Rosalinda => *mula sa Mexico* ang soap operang Rosalinda

Ang mga estrukturang ito ay katulad sa porma ng ilang mga verbal na pangungusap na nagkaroon ng ellipsis, tulad ng:

bumagay/bumabagay sa iyo ang suot mo ngayon => *bagay sa iyo ang suot mo ngayon*
ginawa/ginagawa sa papier maché ang mga maskara ng Moriones => *gawa sa papier maché ang mga maskara ng Moriones*

tila niyari sa bakal ang puso niya => *tila yari sa bakal ang puso niya*

niluto/niluluto sa gata ang rendang => *luto sa gata ang rendang*

tinubog lang sa ginto ang singsing ko => *tubog lang sa ginto ang singsing ko*

Isang halimbawa sa Aspillera na mukhang *sa* + VP ang maaaring suriin bilang ellipsis ng *mula sa*:

Sa nabasa ko, iyan ay hindi totoo. (Aspillera)

<= *mula sa nabasa ko* <= *mula sa N na nabasa ko* <= *nabasa ko ang N*

(9) Comparison o Paghahambing na Pang-abay: *(ka[halin])tulad/ (ka)pareho + ng/ sa⁴, kumpara/ (ka)iba + sa⁴*

Kaugnay na pananong: *(ka)tulad ng ano/ nino, kumpara saan/kanino*

Isinasaad ng estrukturang ito ang N kung saan ihinahambing ang isang contentive ng pangungusap. Dalawa ang porma nito. Ang isa ay may ugat na *(ka[halin])tulad* o *(ka)gaya* o *(ka)pareho* na sinusundan ng *ng* o *sa⁴*:

ang pagreretiro ay dapat *kahalintulad lang ng graduation*

katulad lang ni FVR si GMA, cf. magkatulad sina FVR at GMA

nagkamali rin ako *katulad mo*

mahalin ninyo ang inyong kapwa *gaya ng pagmamahal ninyo sa inyong sarili*

kapareho nito ang nawawala kong cellphone

ginawa ko na ang lahat *pareho sa inaasahan ninyo*

May gumagamit din ng pormang *(ka)parehas ng/ sa⁴*. Kaiba ito sa pang-uring *parehas* na ang

ibig sabihin ay 'pantay' o 'patas', at pangngalang *kapareha* o *ka-partner*.
parehas sa High School Musical ang *Glee* [= tulad]
parehas ang laban [= patas]
pinsan niya ang *kapareha* niya sa prom [= partner]

Ang ikalawa ay may ugat na *kumpara* o (*ka*)*jiba* na sinusundan ng *sa*⁴:
maganda ang pagkagawa ng estatwa *kumpara* sa gusto ninyong mangyari
kaiba sa mga Thai ang mga Filipino
naniningil ng komisyon ang mga opisyal ng gobyerno *kumpara* sa mga negosyante

(10) Accordance o Pang-ayon na Pang-abay: *ayon/alinsunod/batay sa*⁴

Kaugnay na pananong: *ayon/alinsunod/batay saan/kanino*

Isinasaad ng estrukturang ito ang batayan ng kahulugan ng pangungusap. Nagagamit ito bilang panaguri:

ayon sa prinsipyo ang ating demonstrasyong ito

ngunit mas madalas na gamitin bilang panuring ng pangungusap (sentence modifier):

Batay kay Ama, isang dakilang tungkulin ang gumawa para sa kapakanan ng bayan.
(Quetua)

Ayon kay Dance, ang wika ay dinamiko, buhay, at nagbabago. (Quetua)

Alinsunod sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, Filipino ang pambansang wika ng Pilipinas.
(Quetua)

Para kay Rizal, nasa kabataan ang pag-asa ng bayan. (Quetua)

Alinsunod sa Saligang Batas, tayo ay dapat magkaroon ng isang pambansang wika. (Diaz)

Ayon sa Florante at Laura, masama ang batang pinalaki sa layaw. (Diaz)

Marami tayong utang sa ating ina *ayon sa pasyon*. (Diaz)

Ang kabataan ang pag-asa ng bayan *ayon kay Rizal*. (Diaz)

Ulan (daw) bukas, *ayon sa diyaryo*. (Schachter at Otones)

Kapag ginamit na panuring ng pandiwa, maaari itong pangunahan ng pang-angkop (linker)

na nang.

inaprobahan niya ang tseke (*nang*) ayon sa mga procedure ng bangko

Nagbabayad ako ng buwis *alinsunod sa patakaran*. (Schachter at Otones)

May mga pangngalan na madalas na nagagamit sa pariralang pang-ukol na pang-ayon, at maaaring tanggalin ang mga salitang *ayon*, *alinsunod*, o *batay*:

Ipinagbili niya ang lupa (*ayon*) sa payo ng kaibigan niya.. (Schachter at Otones)

hindi na kami maghahabol sa korte (*alinsunod*) sa mungkahi ng abogado

(11) Opposition o Pasalungat na Pang-abay: laban/kontra + sa⁴

Kaugnay na pananong: *laban/kontra saan/kanino*

Nagsasaad ang estrukturang ito ng kung ano ang salungat sa kahulugan ng simuno o panaguri. Nagagamit ito bilang panaguri at panuring ng pandiwa.

Laban sa paniniwala ni Lita ang mga bagay na iyon. (Diaz)

aban sa batas ng Diyos ang abortion

kontra sa sinabi niya ang sinasabi mo ngayon

naghandang sila *laban sa kanilang kaaway*

pinakasalan niya ang boyfriend niya (*nang*) *kontra sa payo naming lahat*

Isang halimbawa kay Diaz na sinasabing isang pasalungat na pang-abay, na mukhang pinangungunahan ng *ng* at hindi *nang*, ay maaaring ipaliwanag bilang pang-uring porma ng complement na galing sa panaguri.

Huwag ka sanang magsasabi *ng laban sa kaniya*. (Diaz)

<= ang N na laban sa kaniya <= laban sa kaniya ang N

(12) Pamanahon na Pang-abay:

Kaugnay na pananong: *kailan*

May apat na estruktura ang pang-abay na pamanahon:

1 *kapag / tuwing* + N-tim

Mula sa Lunes hanggang Biyernes, wala kaming klase. (Aspillera) = from ... until
Buhat sa Oktubre hanggang Pebrero, magiging malamig na. (Aspillera) = from ... until
Para magsaad ng approximation o di eksaktong panahon, ang mga katagang *mga at/o* *bandang* ay inilalagay sa unahan ng N-tim.

magre-retreat kami mula *Lunes hanggang (mga) bandang Linggo*
sa bandang Todos los Santos na lang tayo mag-usap tungkol sa budget

(13) Role o Ginagampanan na Pang-abay: *bilang, na*
Kaugnay na pananong: *bilang ano/sino*

Isinasaad ng estrukturang ito ang ginagampanan o layon ng pandiwa o isa sa mga complement. Isa ito sa mga payak na pang-ukol na hindi gumagamit ng pang-ugnay na marker sa⁴.

Inilabas niya ang liham *bilang katibayan*. (Schachter at Otones)
Bilang ganti, diringgin ko ang payo ng aking mga magulang.

Sa mga pandiwang nagpapangalan o naghihirang (naming verb), ginagamit din ang *na*. Masasabing apat ang morpema na pare-parehong *na* ang porma, at madali namang maipakita ang kanilang pagkakaiba:

tinawag ko *na* siya (pang-abay na kataga)

alam ko *na* tinawag ko na siya (subordinator, ginagawang pangngalan ang isang pangungusap)

sinibak ang nangongotong *na* pulis => sinibak ang pulis *na* nangongotong (pang-angkop, pinag-ugnay ang pangangalan at panuring)

tinawag *na* hunyango si Sonny (pang-ukol)

Maaaring halinhan ng *bilang* ang *na* sa mga pandiwang nagpapangalan o naghihirang. hinalal ulit si Putin *na/bilang* Prime Minister ng Russia

Dahil limitado lang sa mga pandiwang nabanggit ang pang-ukol na *na*, hindi nito mahahalinhinhan ang *bilang* sa iba pang gamit.

Ang salitang *parang* ay maituturing na kasama rin dito, subalit sa kawikaang *parang awa lamang*. Makikita sa mga pangungusap na gumagamit ng pariralang ito kung ang kahulugan ng *parang* ay anyo, o ang ginagampanan ng *awa*:

parang awa ninyo, itaas na ninyo ang sweldo namin [= bilang awa]

parang awa ang ipinapakita niya sa iyo, hindi pag-ibig [= tila/mukhang awa]

(14) Appearance o Anyo na Pang-abay: *parang/mistulang/mukhang/tila*

Kaugnay na pananong: *parang/mistulang/mukhang/tila ano/sino*

Nagsasaad ang estrukturang ito, kapag ginamit bilang panaguri, ng N na kahawig ng simuno.

parang tao angtrato niya sa mga aso

mukhang pari ang boyfriend mo

tila reyna kung kumilos ang First Lady

Kapag ginamit naman na panuring ng pandiwa, pinangungunahan ito ng pang-abay na pang-angkop na *na*.

tinatrato niya ang mga aso na *parang tao*

nangangaral na *mukhang pari* ang boyfriend mo

kumikilos ang First Lady na *tila reyna*

Kung ipapasok sa grammar ang konsepto ng mas mataas na panaguri (higher predicate), maaaring isama sa kategoryang ito ang mga salitang *parang*, *mistulang*, *mukhang* at *tila*. Sa ganitong pananaw, ang mga salitang ito, tulad ng salitang *talaga*, ay nagsasaad kung tiyak o di-gaanong tiyak ang panaguri ng payak na pangungusap, na maaaring positibo o negatibo.

baliw ang senadora

talagang baliw ang senadora

hindi baliw ang senadora

talagang hindi baliw ang senadora

mukhang baliw ang senadora

mukhang hindi baliw ang senadora

Sa estrukturang ito makikita ang paglipat ng panghalip sa pagitan ng *para*, *mukha*, o *mistula*, at ng tunog na *-ng*. Lumalabas na ang *-ng* ay pang-angkop. Hindi nangyayari ito sa salitang *tila*.

henyo siya

talagang henyo siya

hindi siya henyo

talagang hindi siya henyo

para siyang henyo

parang hindi siya henyo

tila henyo siya

tila hindi siya henyo

Kung gayon, ang mga salitang *parang*, *mistulang*, *mukhang* at *tila* ay dalawa ang maaring tungkulin. Sa simpleng paghihiwalay ng mga elemento ng pangungusap (o immediate constituent analysis) makikita ang pagkakaiba nito.

mistulang teen-ager + ang nanay mo

[pang-ukol]

mistulang + teen-ager ang nanay mo

[mataas na panaguri]

mistulang teen-ager + kung magbihis ang nanay mo

[pang-ukol]

PANURING

Relation/Possession o Kaugnayan/Pagmamay-ari na Panuring: *ng*

Kaugnay na pananong: *N nino/ng alin*

Karaniwan nang ipinapaliwanag ang kaibahan ng *ng* sa *nang* sa pagsasabing ang *ng* ay nagsasaad ng pagmamay-ari habang ang *nang* ay nagsasaad ng panahon:

namangha si Pigafetta sa mga tattoo *ng* mga katutubo

naka-tattoo ang mga katutubo nang dumating sila Pigafetta

Sa katunayan, maraming gamit ang dalawang salitang ito, at tatalakayin dito ang *ng* bilang pang-ukol.

Maraming pagkakataon, lalo na sa usaping legal tungkol sa yaman o ari-arian, na ang pariralang minamarkahan ng *ng* ay nagiging sentro ng kontrobersya dahil sa pagkakaroon nito ng maraming interpretasyon. Halimbawa:

may kaparehong plaka ang kotse *ni* Corona

Madaling inakala ng mga nakabasa o nakarinig nito na pag-aari ni Corona ang kotse, ngunit ipinaliwanag ng mga abogado niya na inupahan lang ang naturang sasakyan. Tama pa ring sabihing *kotse ni Corona* ngunit hindi nangangahulugang *kotse na pag-aari ni Corona*, kundi *kotse na inuupahan/ginagamit ni Corona*. Sa ganitong paraan ng paglilinaw, lumalabas na ang pagsasaad ng pagmamay-ari ay isa lamang sa maaaring ituring na kahulugan ng *ng*, ayon sa panaguri ng pinaghanguang pangungusap. Ang panaguri ay nagiging panuring sa prosesong relatibisasyon, at maaaring matanggal kung di na kailangang sabihin, o di nakatitiyak na iyon nga ang panaguri, o sadyang inililihim.

inuupahan ni Corona ang kotse => ang kotseng inuupahan ni Corona => ang kotse ni Corona

ginagamit ni Corona ang kotse => ang kotseng ginagamit ni Corona => ang kotse ni Corona

binili ng gobernador ang lupa => ang lupang binili ng gobernador => ang lupa ng gobernador

kinamkam ng gobernador ang lupa=> ang lupang kinamkam ng gobernador => ang lupa ng gobernador

inaangkin ng gobernador ang lupa => ang lupang inaangkin ng gobernador => ang lupa ng gobernador

Regular na proseso ito ng paghango ng panuring mula sa panaguri, kapag kailangang ipasok sa isang pangungusap ang kahulugan ng isang pang pangungusap. Ilang simpleng halimbawa:

nabulok ang santol => ang santol na nabulok => ang nabulok na santol
 masaya ang bata => ang batang masaya => ang masayang bata
 nasa bahay ang hagdan => ang hagdang nasa bahay => ang nasa bahay na hagdan

Kapag pangngalan ang panaguri, hindi na maililipat ito sa unahan ng orihinal na simuno, dahil babangga ito sa pangungusap na gumagamit ng kaparehong mga pangngalan ngunit baligtad ang relasyon:

abogado ang pari => ang paring abogado
 pari ang abogado => ang abogadong pari

Sa pag-intindi ng parirala na may *ng*, hindi natin maaaring sabihing tiyak na pagmamay-ari ang kahulugan nito.

libro ng bata <= librong

binili
hiniram
binabasa
naiwanan

 ng bata <=

binili
hiniram
binabasa
naiwanan

 ng bata ang libro

Kung gayon, ang *ng* ay ang orihinal na marker ng di-naka-focus na agent.

Maaari ring gamiting panaguri ang mga pangngalang *kaugnay* o *pag-aari*, o iba pang salitang katulad ng mga ito ang kahulugan, at ang *ng* ay lalabas na marker ng di-naka-focus na theme.

kaugnay ng pamilya ang doktor => ang doktor na kaugnay ng pamilya => ang doktor ng pamilya
 pag-aari ng UP ang malawak na lupain => ang malawak na lupain na pag-aari ng UP => ang malawak na lupain ng UP

Isa pang maaaring panggalingan ng *ng* ay ang nominalisasyon ng panaguring pandiwa, pang-uri o pangngalan. Sa prosesong ito, nawawala ang focus na morpema sa marker ng simuno at naiiwan ang walang focus na pormang *ng*.

kumanta ang presidente => ang pagkanta ng presidente

mahalaga ang pagsasaliksik => ang kahalagahan ng pagsasaliksik
 babae ang aktibista => ang pagkababae ng aktibista

Ang paghango ng ng na ipinakita rito ay naaayon sa interpretasyon ng kahulugan nito. Makikita rin na hindi nagagamit na panaguri ang pariralang pinangungunahan ng ng, di tulad ng ibang mga pang-ukol. Maging hango man sa di-naka-focus na agent o theme, ang ng sa pang-ibabaw na estruktura ay maituturing na ring pang-ukol ayon sa porma, at nagsasad na ang kasunod na pangngalan ay may kaugnayan sa naunang pangngalan. Isa lang ang pagmamay-ari sa mga uri ng kaugnayang ito.

Mas tiyak na pagmamay-ari ang sinasaad ng pang-ukol na sa kapag ginamit sa panaguri, na inilalahad ss unang bahagi ng papel, ngunit di gaanong ginagamit ang relatibisasyon nito, lalo na kung ang pangngalan ay pambalana.

sa dalaga ang tahanan => *ang tahananang sa dalaga => ?ang sa dalagang tahanan
 kay Pedro ang awit => ?ang awit na kay Pedro => ang kay Pedrong awit
 sinulat ni Pedro ang awit => ang awit na sinulat ni Pedro => ang awit ni Pedro

LAGOM

Inilalahad sa talaan ang mga pang-ukol – payak at tambalan – at ang estruktura ng mga pariralang pang-ukol kapag ginamit na panaguri, complement, pang-abay, o panuring:

ESTRUKTURA	NAFO-FOCUS (complement)	DI NAFO-FOCUS (panaguri, pang-abay, panuring ng pangungusap o pangngalan)
sa ¹ : predicative		Pertinence/Possession: sa
sa ³ + (N-loc + ng)	Location: sa loob/ labas/ kabila/ (i)taas/ (i)baba/ ibabaw/ ilalim/ tabi/ harap/ harapan/ likod/ likuran/ pagitan/ gilid/ gitna/ paligid/ palibot/ unahan/ dulo/ kahabaan ng	

sa ⁴ + N + ng	Instrument: sa pamamagitan ng	Contrast: sa kabila ng Stead: sa halip/ lugar ng
prep-part + sa ⁴	Beneficiary: para/alang-alang sa ₁	Extent: hanggang sa Purpose: para/ alang-alang sa ₂ Exception: bukod/ (ma)liban/ (ma) tangi sa Reference: tungkol/ hinggil/ ukol sa
(nang) + prep-part + sa ⁴	Cause¹: (nang) dahil sa	
prep + ng	Cause¹: bunsod ng	
N + sa ⁴		Cause²: salamat sa
V + sa ⁴		Source/Origin: buhat/ galing/ mula sa Comparison¹: kumpara/ (ka)iba sa
V + ng/sa ⁴		Comparison²: (ka[halin])tulad/ (ka) pareho ng/sa/ (ka)gaya ng/sa
(nang) + V + sa ⁴		Accordance: (nang) ayon/ alinsunod/ batay sa Opposition: (nang) laban/ kontra sa
Prep		Time¹: kapag/ tuwing
noong/ sa ⁴		Time²: noong/sa
prep-part + noong/ sa ⁴		Time³: hanggang noong/sa
V + noong/ sa ⁴		Time⁴: buhat/ mula/ umpisa noong/sa
Prep		Role: bilang Appearance: parang/ mistulang/ mukhang/ tila
Prep		Relation/Possession: ng

Pang-ukol ang kategorya ng mga salita o parirala na inilalagay sa unahan ng pariralang pangngalan. Ang nabubuong pariralang pang-ukol ay gumaganap ng iba't ibang tungkulin sa pangungusap; may nagagamit na panaguri, may complement, may pang-abay, at may panuring. May kani-kaniya silang kahulugang sinasaad, tulad ng lugar, panahon, paraan,

relasyon, at iba pa, na nakadetalye sa itaas.

Inaaming may mga salita pang maaaring ituring na pang-ukol, pero kinakailangang suriin kung ang mga ito nga ay pang-ukol o pangatnig. Halimbawa ay ang *bali/bale*, na mukhang pang-ukol sa sumusunod:

bale sandaan ang lahat ng inorder ninyo

na nanggaling sa buong pangungusap na:

bale isang daang piso ang lahat ng bagay na inorder ninyo

kung saan makikitang pinangungunahan ng *bale* ang pariralang pangngalan na *isang daang piso* upang magsilbing panaguri.

Mukha naman itong pangatnig sa:

bale hindi na kami nagpunta dahil masyado nang late

kung saan pinangungunahan ng *bale* ang sugnay na *hindi na kami nagpunta*.

Ipinapakita sa pag-aaral na ito na mahalagang gawan ng integrasyon ang pag-aaral ng porma, tungkulin at kahulugan sa pagsusuri ng mga kategoryang gramatikal. Inaasahang magagamit ang pag-aaral na ito sa mas malinaw na pagpapaliwanag ng pang-ukol sa mga nag-aaral ng Filipino, at sa mas maayos na pagsasalin mula o tungo sa Filipino.

1 “Filipino” ang terminong ginamit dito sa dahilang sinusugan at pinalalawak nito ang mga pagtalakay sa pang-ukol ng tatlong libro na “Filipino” rin ang ginamit – ang *Let Us Learn Functional Filipino* ni Teresita P Mercado (1998), *Makabagong Balarilang Filipino* (binagong edisyon) nina Alfonso Santiago at Norma Tiangco (2003), at *Sangguniang Gramatika ng Wikang Filipino* ni Fe Laura Quetua et al (1999), na nilimbag ng Sentro ng Wikang

Filipino.

2 Sa papel na ito, ang mga halimbawa na galing sa mga publikasyon ay pinanatili sa orihinal na baybay gamit ang malaki at maliit na titik, at ang pinaghanguan ay nakalagay sa mga panaklong bilang mga in-text citation. Ang mga halimbawa galing sa mananaliksik, kahit buong pangungusap, ay nasa maliit na titik lahat at walang panghuling bantas, tulad ng nakagawian sa mga papel sa linggwistiks.

3 Ipinapakita ang gloss na ito para ilahad na *he* ang simuno, parang beneficiary focus ng pangungusap sa Filipino. Gayunman, ang mas natural na salin ng beneficiary focus ay ang active voice na pangungusap sa Ingles.

MGA SANGGUNIAN

Alejandro, Rufino. *Conversational Tagalog*. Mandaluyong: National, 1972. Nakalimbag.

Arrogante, Jose A. *Retorika sa Mabisang Pamamahayag*. Mandaluyong: National, 2000. Nakalimbag.

Aspillera, Paraluman. *Basic Tagalog*. Boston: Tuttle, 1993. Nakalimbag.

Diaz, Domingo L. at Domingo C. Serion. *Balarila at Katha*. Manila: Royal, 1967. Nakalimbag.

Mercado, Teresita P. *Let Us Learn Functional Filipino*. Makati: Grandwater, 1998. Nakalimbag.

Quetua, Fe Laura R. et al. *Sangguniang Gramatika ng Wikang Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, 1999. Nakalimbag.

Santiago, Alfonso O. at Norma G. Tiangco. *Makabagong Balarilang Filipino* (binagong edisyon) Manila: Rex, 2003. Nakalimbag.

Schachter, Paul at Fe Otones. *Tagalog Reference Grammar*. Berkeley: U of California, 1972. Nakalimbag.

Greenbaum, Sidney. *The Oxford English Grammar*. Oxford: Oxford UP, 1996. Nakalimbag.

Radford, Andrew. *Syntactic Theory and the Structure of English*. Cambridge: Cambridge UP, 1997. Nakalimbag.

Vorheers, Robert W. (ed.) *Standard Handbook of Prepositions, Conjunctions, Relative Pronouns and Adverbs*. New York: Funk & Wagnalls, 1953. Nakalimbag.